# Pagpapatawad sa mga Nagkasala

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Ipagpalagay na, tulad ng mga taga Corinto, kailangang dagdagan ng mga tao sa inyong ward ang kanilang pagmamahal at pagpapatawad sa mga nagkasala. Dahil dito, inanyayahan kayo ng inyong bishop na magbahagi ng maikling saloobin tungkol sa pagpapatawad sa simula ng inyong klase o miting ng korum. Maglaan ng ilang minuto at gumawa ng outline ng maaari mong sabihin. Isama ang sumusunod:

1. Kahit isang talata o parirala mula sa 2 Corinto 2:7–11.
2. Isa pang banal na kasulatan o pahayag ng isang lider ng Simbahan. (Maaari mong gamitin ang pahayag ni Elder Duncan sa ibaba o ang isa sa mga banal na kasulatan na binanggit niya.)
3. Ang sarili mong saloobin at patotoo tungkol sa pagmamahal at pagpapatawad sa iba at kung paano makatutulong sa atin ang mga iyon na mas mapalapit sa Tagapagligtas.

## Mga Turo tungkol sa Pagpapatawad

Sinabi ni Elder Kevin R. Duncan ng Pitumpu:



> Alam kong marami sa atin ang gustong magpatawad, pero nahihirapan tayong gawin ito. Kapag may di-makatarungang nangyari sa atin, mabilis nating nasasabing, "Mali ang ginawa ng taong iyon. Dapat silang maparusahan. Nasaan ang katarungan?" Nagkakamali tayo sa pag-iisip na *kung* nagpapatawad tayo, kahit paano ay hindi nagkakaroon ng hustisya at naiiwasan ang mga kaparusahan.
>
> Hindi ito totoo. Ang Diyos ay magbibigay ng parusang makatwiran, sapagkat hindi maaagawan ng awa ang katarungan (tingnan sa Alma 42:25). Buong pagmamahal na tinitiyak ng Diyos sa atin: "Iwan ang paghahatol sa akin, sapagkat ito ay akin at ako ang gaganti. [At hayaang] kapayapaan ang mapasainyo" [Doktrina at mga Tipan 82:23]. (Kevin R. Duncan, "Ang Nakapagpapagaling na Pamahid ng Pagpapatawad," *Liahona*, Mayo 2016, 33–34)

- Mateo 5:43–44
- Efeso 4:32

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Forgiving Those Who Have Sinned.*
Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.